Pahina ng Katotohanan Tungkol sa FLORIDA CELLA

Ano ang CELLA?
Ang Florida ay gumagamit ng Comprehensive English Language Learning Assessment (CELLA) upang sukatin ang pagbuti ng kakayahan ng mga estudyanteng nasasabing mga Mag-aaral ng Wikang Ingles [English Language Learners (ELLs)] sa wikang Ingles na kanilang kinakailangan upang magtagumpay sa paaralan.

Ano ang hangarin ng CELLA?
Ang CELLA ay dinesenyo upang mangalap ng impormasyon para sa mga sumusunod na mga hangarin:

- Upang mabigyan ang mga magulang, estudyante, at mga guro ng sukatan kung gaano ang natututunang Ingles ng isang mag-aaral upang malaman nila kung kailan handang magtapos sa programang Ingles para sa mga Nagsasalita ng Ibang Wika [English for Speakers of Other Languages (ESOL)].
- Upang mabigyan ng impormasyon kung gaano kabuti ang pagtugon ng mga paaralan at mga distrito sa mga pangangailangan ng ELLs.
- Upang mabigyan ang mga ahensiyang pang-edukasyon at ang publiko ng impormasyon tungkol sa kakayahan sa Ingles ng ELLs at ng kanilang taunang pagbuti.

Anong nilalaman ng CELLA?
Ang mga eksameng CELLA:

- Pagdinig
- Pananalita
- Pagbabasa
- Pagsusulat

Kabilang sa CELLA ang mga apat na antas: Antas A (Mga Gradong K-2), Antas B (Mga Gradong 3-5), Antas C (Mga Gradong 6-8) at Antas D (Mga Gradong 9-12).

Ang mga estudyante bilang isang grupo ay kukuha ng mga bahaging Pagdinig, Pagbabasa at Pagsusulat. Sa bahaging Pananalita, ang mga mag-aaral ay magkakaroon ng isahang pakikipagpanayam sa isang guro. (Ang mga mas batang mga mag-aaral ay maaaring kukunin ang kabuoang ng eksamen ng isahan na isasagawa ng isang guro.)

Kailan kukuha ang mga estudyante ng CELLA?
Ang lahat ng mga estudyante ng Florida na itinuturing bilang ELLs na kumuha ng CELLA sa unang pagkakataon sa summer 2006. Ang mga ELL ay magpapatuloy na kukuha taon-taon ng CELLA sa bawat spring hanggang sa sila ay maituturing na mga bihasa sa Ingles.

Paano makakatulong ang mga magulang sa paghahanda ng mga estudyante para sa CELLA?
Ang mga kakayahan sa wikang Ingles na kinakailangan upang magtagumpay sa CELLA ay hindi mapapabuti ng magdamag. Ang “Mga Payong Dapat Alalahanin ng mga Magulang Para sa Pagkuha ng Eksamen” ay nagbibigay ng parehong pangkalahatang estratehiya para sa pagtulong ng mga estudyante upang matuto sa buong taon ng pag-aaral at ilang mga payo rin para sa araw ng pag-eksamen, upang masigurong ang pagkuha ng eksamen ay magpapakita ng tunay na mga kakayahan ng mga estudyante.

MGA PAYONG DAPAT ALALAHANIN NG MGA MAGULANG PARA SA PAGKUHA NG EKSAMEN

Pangkalahatang Estratehiya

1. Siguraduhin na ang estudyante ay **regular na pumapasok sa klase.** Alalahanin na ang mga eksamen ay nagsasaad ng pangkalahatang natutunan sa paaralan. Kung mas madalas ang estudyante sa pag-aaral na sitwasyon, mas malamang na siya ay magkakaroon ng mabuting resulta sa mga eksamen.
2. **Palakasin ang loob** ng estudyante sa pag-aaral ng Ingles at sa pag-aaral ng lahat ng mga iba pang mga asignatura sa paaralan. Bigyan siya ng papuri para sa mga mabuting nagawa niya sa buong taon. Ang isang estudyanteng nakakaramdam na siya ay sinusuportahan ay mas malamang na mas matututo at bubuti sa pagkuha ng mga eksamen.
3. Siguraduhin na may isang **balanseng pagkain** ang estudyante. Ang isang malusog na pangangatawan ay magbubunga ng isang malusog, aktibong kaisipan.
4. Siguraduhin na **kinukumpleto** ng estudyante **ang mga takdang- aralin.** Ang mga takdang-aralin ay sumusuporta sa mga pagtuturo sa silid-aralan at nagpapabuti ng kakayahan ng isang estudyante sa mas mabuting paggamit ng Ingles.
5. **Makipagkita sa (mga) guro ng estudyante** na kasingdalas na iyong makakayanan upang pag-usapan ang mga progreso nito. Ang mga magulang at mga guro ay kinakailangang matulungan upang tulungan ang estudyante.
6. Siguraduhin na **nakapagpahinga ng mabuti** ang estudyante sa mga araw ng pagpasok. Ang mga estudyanteng pagod ay mas malamang na hindi gaanong makikinig sa klase o magiging maganda ang pagganap sa mga gawain sa klase at sa mga eksamen.
7. At panghuli, palakasin ang loob ng estudyante upang **mag-relaks**. Ang masyadong pagbibigay diin sa mga iskor sa mga eksamen at maaaring makapagpanerbiyos sa estudyante na maaaring makapagpahirap sa kanila sa pagpapakita ng kanilang kaalaman sa araw ng esksamen.

Mga Payo sa Araw ng Eksamen

1. Siguraduhin na ang estudyante ay **nakapagpahinga ng mabuti** ay may **masustansiyang almusal** sa araw ng eksamen.
2. Siguraduhin na ang estudyante ay darating **sa oras** sa paaralan.
3. Siguraduhin na ang estudyante ay **nakasuot ng komportableng damit.** Kinakailangang ang mga estudyante ay nakasuot ng mga komportableng damit at naaangkop sa kalagayan ng panahon.
4. Kung ang estudyante ay nakasalamin o may hearing aid, siguraduhin na maaalala niyang gamitin ang mga ito sa loob ng kabuoan ng mga pag-eeksamen.
5. Kung ang mga estudyante ay dapat na makatanggap na anumang **mga bagay na kailangan** (halimbawa, paggamit ng malalaking letra o Braille na bersyon ng eksamen), siguraduhinhg matatanggap niya ang mga bagay na kakailanganin.